



JUL 11 2007

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN

Blg. 266 , s. 2007

PAMBANSANG PAGPUPULONG NG MGA PANREHIYONG TAGAMASID  
NG FILIPINO SA ANTAS SEKONDARYA

Sa mga: Direktor Panrehiyon  
Panrehiyong Tagamasid sa Filipino sa Antas Sekondarya

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan ng Edukasyong Sekondarya ay magtataguyod ng isang **Pambansang Pagpupulong ng mga Panrehiyong Tagamasid ng Filipino sa Lebel Sekondari** sa Hulyo 9, 2007 sa DepED Canteen Conference Room, DepED Complex, Lungsod Pasig mula ika-9:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon.
2. Nilalayan ng pambansang pagpupulong na planuhin ang mga gawain/mekaniks ng nalalapit na ika-4 na Pambansang Tagisan ng Talino sa Filipino sa antas sekondarya na gaganapin sa Agosto 27-30, 2007 na pangungunahan ng Sangay ng Lalawigan ng Batangas, DepED Region IV-CALABARZON.
3. Inaasahang dadalo ang labimpitong (17) panrehiyong tagamasid ng Filipino sa buong bansa.
4. Ang pondong gugugulin para sa pagkain at tirahan ay manggagaling sa pondo ng Kawanihan subalit ang gastusin para sa pamasaha at iba pang gastusin ng mga kalahok ay manggagaling sa pondong lokal na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.
5. Anumang paglilinaw sa nasabing gawain ay maaaring makipag-ugnayan kina Gng. Evangeline C. Calinisan sa tel. blg. (02) 632-7746 at (02) 632-13-61 hanggang 70 lokal 2146 at Dr. Paz Naypes sa tel. blg. (02) 632-7586.
6. Hinihiling ang maaga at dagliang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
**JESLI A. LAPUS**  
Kalihim

Sanggunian: W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CONVENTIONS      Learning Area, FILIPINO      SECONDARY EDUCATION

Madel:c:Pambansang Pagpupulong  
6-25-07